

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-4 ng Enero 2021

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Lalo pang lumala ang mga kundisyon ng negosyo sa pagmamanupaktura sa buwan ng Disyembre

Key findings

Nakapagtala ng katamtamang pagbaba sa produksyon sa buwan ng Disyembre

Matindi ang pagbagsak ng bilang ng mga manggagawa

Bumuti nang husto ang sentimyento mula noong Pebrero

Ang data ng Disyembre 2020 ay nakolekta noong 4-16 Disyembre 2020.

Sa kabila ng ilang positibong palatandaan na nakakabawi na ang sektor noong Nobyembre, ipinakita ng pinakabagong data ng PMI na lumala pa lalo ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa huling buwan ng 2020. Nakapagtala ang mga kumpanya ng katamtamang pagbaba sa bilang ng produksyon sa kabila ng mga patuloy na paghihigpit kaugnay ng pandemya, na ipinapatupad upang mapigilan ang pagdami ng mga kaso ng coronavirus disease 2019 (COVID-19). Samantala, hindi nagbago sa pangkalahatan ang demand bagama't patuloy ang pagbabawas sa lakas-paggawa sa buong sektor. Gayunpaman, bumuti nang husto ang mga sentimyento sa loob ng sampung buwan nang may pag-asa sa mas mataas na demand sa bagong taon na madalas binabanggit.

Sa usapin ng presyo, ang mga kakulangan sa materyales ay humantong sa mataas na rate ng inflation sa presyo ng puhunan sa buwan ng Disyembre. Gayunpaman, bahagyang naipasa ng mga kumpanya ang mga pasanin sa gastusin sa mga customer.

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay bumagsak sa 49.2 sa buwan ng Disyembre mula sa 49.9 noong Nobyembre, at hindi nakaabot sa 50.0 na neutral value na naghihiwalay sa pag-usad at muling pagbaba. Nagpakita ang pinakabagong pagbasa ng kaunting paglala sa mga kundisyon ng paggawa sa buwan ng Disyembre.


Dahil sa mga patuloy na paghihigpit sa lockdown, hindi magandang lagay ng panahon at kaunting demand, nagkaroon ng pagbaba sa bilang ng produksyon sa buwan ng Disyembre. Bagama't katamtaman lang ito, ang naturang rate ng pagbaba ang isa sa pinakamabilis sa kasaysayan (mula Enero 2016).

Hindi nagbago sa pangkalahatan ang mga bagong order sa huling buwan ng 2020. Nabanggit ng mga kumpanya na nakaapekto sa lokal na demand ang mga patuloy na paghihigpit kaugnay ng pandemya. Gayunpaman, patuloy na lumalawak ang demand mula sa ibang bansa, kung saan patuloy na tumataas ang bilang ng mga pag-export sa loob ng apat na buwan nang magkakasunod. Iniulat ng mga panelist ang mas mataas na demand para sa mga produkto ng Pilipino sa mga pangunahing merkado sa pag-export.

Dahil sa mga pagbagsak sa produksyon at pagbaba ng demand, binawasan ng mga kumpanya ang bilang ng mga manggagawa sa huling buwan ng 2020. Nagpatuloy ang pagbabawas sa lakas-paggawa sa mabilis na rate na iniugnay ng mga kumpanya sa mga pagsisikap sa muling pagsasaayos at boluntaryong pagbitiw sa trabaho. Dahil sa pagkakaroon ng mas mababang demand,

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

“Nagpapahiwatig ang data ng Disyembre ng isa pang pagbaba sa mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng paggawa ng mga produkto ng Pilipino. Lubos na naapektuhan ng pandemya at mga paghihigpit ang mga tagamanupaktura, at naapektuhan nito ang parehong demand at produksyon na nananatiling mahina kumpara sa mga nakaraan.

“Dahil pa sa pagdagdag ng problema sa kakulangan ng mga materyales at pressure sa supply chain sa mga kundisyon sa pagpapatakbo, kasabay ng pagbaba ng bilang ng produksyon, humantong ito sa isa na namang buwan ng pagtatanggal sa trabaho.

“Dahil doon, makakakuha ng mga positibong pananaw mula sa mga pinakabagong natuklasan sa survey; malapit nang maging stable ang mga bagong order at nanumbalik na ang mga sentimyento sa mga antas na dati nang nakita bago pa man magsimula ang pandemya. Kasabay nito, humupa na ang bilang ng mga kaso kasabay ng pag-asang luluwag na ang mga paghihigpit sa mga darating na buwan.

“Bagama't maliit lang ang pinakabagong pangkalahatang pagbaba sa sektor, nananatiling mapanghamon ang lokal na demand na maaaring pumigil sa progreso sa mahabang daan patungo sa pagbangon.”

patuloy na nagpapakita ang data ng survey ng mga palatandaan ng dagdag na kapasidad habang dumarami pa lalo ang mga backlog sa trabaho. Bumagsak ang antas ng natitirang negosyo sa bawat buwan mula Marso 2016.

Dulot ng kumbinasyon ng mga kakulangan sa materyales at paghihigpit kaugnay ng COVID-19, nagkaroon ng isa pang buwanang pagbaba sa performance ng vendor. Naitala ang mga pressure sa supply chain sa bawat buwan mula Agosto 2019, na may pinakabagong extension sa mga lead time na minarkahan sa pangkalahatan.


Naging sanhi ang mas mataas na presyo ng puhunan at mas mababagal na daloy ng order upang bawasan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pagbili sa buwan ng Disyembre. Kaugnay nito, naubos ang mga stock ng parehong mga raw na materyales at resultang produkto. Naiugnay rin sa mga pagbaba ang mga pagsisikap na makontrol nang mas mabuti ang mga imbentaryo.

Samantala, tumaas ang mga presyo ng puhunan sa ikawalong magkakasunod na buwan dulot ng pinalawak na mga hadlang sa supply sa huling buwan ng 2020. Nabanggit ng mga panellist na ang mga suliranin sa pagkuha ng mga raw na materyales ay dulot ng masasamang lagay ng panahon at mga paghihigpit sa pandemya. Kapansin-pansin na pinakamabilis ang rate ng inflation mula Nobyembre 2018.

Kasunod nito, nagkaroon ng pagtaas sa presyo ng mga bilihan dahil sa pagpapasya ng mga Pilipinong tagamanupaktura na ipasa sa mga customer ang bahagi ng pagtaas sa kanilang mga gastusin. Lumawig pa hanggang Disyembre ang kasalukuyang pagkakasunod-sunod ng pagtaas ng mga factory-gate na pagsingil na nagsimula noong Mayo, kung saan ang pinakabagong pagtaas ang pinagsamang pinakamabilis sa nabanggit na pagkakasunod-sunod.

Panghuli, nananatiling positibo ang pananaw tungkol sa produksyon sa 2021, kung saan nasa pinakamataas ang antas ng kumpiyansa mula noong Pebrero. Pinaigting ng mga paglulunsad ng bagong produkto at paniniwala sa pagkakaroon ng mas mataas na demand ang positibong pananaw ng mga tao sa buwan ng Disyembre. Dahil doon, ang antas ng positibong saloobin ay wala

PMI Output Index sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan Produksyon ng manufacturing %yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Disyembre 2020 ay nakolekta noong 4-16 Disyembre 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.